

5. Mga sentrong pangkalusugan ng komunidad

May mga sentrong pangkalusugan ang Queensland Health na matatagpuan sa lahat ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Distrito sa buong estado, na nagseserbisyo sa lokal na komunidad. Ang uri ng mga serbisyong magagamit sa bawat sentro ng pangkalusugan pang-komunidad ay iba't-iba, naglalarawan ng iba-ibang mga pangangailangan ng lokal na populasyon.

Upang matagpuan ang pinakamalapit na sentrong pangkalusugan pang-komunidad, tawagan ang 13HEALTH linya ng telepono sa 13 43 25 84.

Ang tungkulin at mga serbisyong ibinibigay ng mga sentrong pangkalusugan ng komunidad ay kasalukuyang nirerepaso/pinagsusuri ng Queensland Health.. Ganumpaman, ang mga sumusunod na mga serbisyo at programang pangkalusugan ay mga halimbawa ng mga serbisyong maaaring magamit sa iba't-ibang mga lugar.

Mga serbisyong pangkalusugan ng bata at kabataan

Kung gusto mo ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga sumusunod na mga serbisyo, tawagan ang Child Health Line (07) 38622333 o 1800 177 279 (sa buong Brisbane).

Mga serbisyong pangkalusugan at mga klinika ng bata

- para sa mga magulang ng mga batang nasa 0-12 taong gulang, naglalaan ng pagtatasa (assessment), edukasyon at suporta
- suporta sa pagpapasuso
- mga samahan ng bagong magulang at programa tungkol sa pagiging magulang
- mga klinika ng pagbabakuna
- mga magkaugnay na serbisyong pangkalusugan (halimbawa: nutritionist, social worker, psychologist)
- screening/masinsinang pagsusuri sa mababang paaralan
- pagdalaw sa bahay
- pagsubaybay at screening/masinsinang pagsusuri para sa malusog na pagsulong at paglaki ng mga bata.

Serbisyong Pangkalusugan ng Kabataan sa Paaralan

- para sa mga magulang at kabataang may 13-18 taong gulang na pumapasok sa mga Sekondaryong Paaralan ng Estado; nagbibigay ng appointment na pangkalusugan, pagtatasa o pagsusuri, suporta, impormasyon sa kalusugan, mga mapagpipiliang referral o rekomendasyon, pagtataguyod sa kalusugan at edukasyon

Mga Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan ng mga Bata at Kabataan

- para sa mga batang may 0-18 taong gulang na nakakaranas ng mga sakit na pangkaisipan, nagbibigay ng konsultasyon, pagtatasa, paggagamot at pangangalaga

Mga Serbisyong Para sa Ngipin o Dental sa Paaralan

- lahat ng mga batang may gulang na apat na taon at mas mahigit pa, na hindi pa nakatatapos ng Year 10 ay binibigyan ng serbisyo sa klinikang pang-dental sa paaralan

Mga serbisyong pangkalusugan ng may-edad na (para sa mga 18 taong gulang o higit pa)

Kung nais mo ng dagdag kaalaman tungkol sa mga sumusunod na mga serbisyo, tawagan ang 13HEALTH sa telepono 13 43 25 84. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kaugnay na mga serbisyo sa kalusugan, sumangguni sa Polyeto ng Impormasyon 7 Magkaka-ugnay na Kalusugan (Allied Health).

Pagtatasa ng pangkalahatang kalusugan, mga serbisyong klinikal at suporta

- narsing, pangangalaga paglabas ng ospital at kaugnay na mga serbisyo sa kalusugan kabilang ang gawaing panlipunan (social work), pantrabahong terapiya o panggagamot na hindi medikal, pangkatawang terapiya at sikolohiya

Mga Serbisyo sa matatanda

- mga pangkat ng tagatasa, pangangalagang pambahay, mga Serbisyong Pangangalaga sa Tahanan at Komunidad (Home and Community Care), at suporta upang mapabuti ang kakayahan ng kliyente para maalagaan ang sarili matapos ang pagkakasakit o operasyon

Mga Serbisyong Pangrehabilitasyon sa Komunidad

- magkaka-ugnay na mga serbisyong pang-kalusugan (pangkatawang terapiya, pantrabahong terapiya, at terapiya sa pagsasalita)

Mga Serbisyo sa Pampaghinawang Pag-aalaga (Palliative Care)

(Ang Pampaghinawang Pag-aalaga ('Palliative care') ay pangangalaga sa mga taong may taning na ang buhay o malapit nang mamatay.)

- pinag-uugnay ang mga serbisyong pang-komunidad para sa pampaghinawang pag-aalaga, suporta sa pamamagitan ng impormasyon, edukasyon at suporta sa pagdadalamhati

Mga Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan para sa may-edad na

- Pagsusuri o pagtatasa, paggagamot at pag-aalaga sa mga may edad na, na nakakaranas ng mga sakit sa kalusugang pangkaisipan

5. Mga sentrong pangkalusugan ng komunidad

Mga Serbisyong Dental o Ukol sa Ngipin Para sa May Edad na

- mga walang bayad na klinikang pang-dental para sa mga may-edad na, na may katangiang karapat-dapat o 'eligibility' (basahin ang Polyeto ng Impormasyon 6 - Mga Serbisyo Para sa Ngipin o Dental (Dental Services))

Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Populasyon

Ang mga serbisyong ito ay naghahangad na pangalagaan ang kalusugan, maiwasan ang sakit, mga karamdaman at pinsala at mapaunlad ang kalusugan at kapakanan ng populasyon

Mga Serbisyo sa Alkohol, Paninigarilyo at Iba pang Mga Serbisyo sa Droga

- mga programang ukol sa paggagamot, suporta at impormasyon, at pag-iwas

Mga Serbisyo sa Pagtiktik (Screening) ng Kanser

- mga programa ng masinsinang pagsusuri/screening para sa kanser sa suso at kanser sa matris

Mga Programa sa Pagpapaunlad ng Kalusugan

- mga kampanya/kilusan para mapaunlad ang kalusugan, harapin ang mga pangunahing problema sa kalusugan kabilang na ang nutrisyon, gawaing pisikal/pangkatawan, pag-iwas sa pinsala, at kaligtasan sa panganib na dahil sa pagkakabilad sa init ng araw.

Mga Programa sa Pamamahala ng Pamumuhay (Lifestyle)

- edukasyon ukol sa malusog na pamumuhay at mga serbisyong pangkalusugan na may diin o pagpapahalaga sa sariling pamamahala ng talamak o hindi gumaling-galing na sakit halimbawa. rayuma, diyabetes, mga problema sa paghinga, pagtaba at sakit sa buto (osteoporosis)

Mga Serbisyo sa Pangkalusugang Sekswal

- mga klinikang pangkalusugang sekswal, mga narses para sa kalusugang pangkababaihan at mga kampanya/kilusang pang-edukasyon/pagtuturo tungkol sa kalusugang sekswal

Mga Programa sa Kalusugan at Mga Grupong Pang-Suporta

Marami sa sentrong pangkalusugan sa komunidad ang may mga grupong pangsuporta at mga programa sa pansariling tulong para sa mga taong may partikular na mga sakit. Kabilang sa halimbawa ang:

- Programa sa Pansariling Tulong sa Rayuma
- Mga Sesyong Pang-edukasyon tungkol sa Hika
- Programa sa Rehabilitasyon ng Puso
- Mga Klase sa Pagluluto para sa isa o dalawang tao
- Impormasyon tungkol sa Malusog na Tahanan
- Programa sa Pagpapagaan (pagbawas ng timbang)
- Grupong Pang-Suporta sa Diyabetes
- Pagpasyal/Pagbisita sa Supermarket.

Alamin sa iyong lokal na sentro ng pangkalusugang pang-komunidad kung anong programa o anong grupo ang mayroon sila.



Mga Tagasalin sa Wika o Interprete

- may karapatan kang gumamit ng isang propesyonal na interprete kung kailangan mo, kung gagamit ka ng pampublikong serbisyo ng Queensland Health
- ang mga interprete ay maaaring humarap nang personal o nasa telepono at walang bayad
- ang 'Queensland Health' ay may patakaran na gagamit lang ng mga kaibigan at kapamilya para tagasalin o interprete sa oras ng mga biglaang pangangailangan. Kung ang kaibigan o kapamilya ay wala pang 18 taong gulang, hindi sila dapat na gamitin na interprete sa anumang mga pagkakataon
- humiling ng isang propesyonal na interprete nang maaga, habang malayo pa ang iyong pakikipagtipan o appointment upang maisa-ayos ang pagdating ng interprete para sa iyong appointment.

Ang polyeto ng impormasyon na ito ay nasa mga 10 serye. Ang kompletong set:

- Sistemang pangkalusugan sa Queensland
- Pagpapatingin sa doktor
- Mga gamot
- Mga ospital sa Queensland
- Mga sentrong pangkalusugan ng komunidad
- Mga serbisyong dental o para sa ngipin
- Mga magkaka-ugnay na serbisyong pangkalusugan
- Pananatiling malusog at pag-iwas sa sakit
- Mga serbisyong pangkalusugan at pangsuporta para sa mga partikular na grupo
- Ikaw at ang sistema ng serbisyong pangkalusugan

